ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ANG ITAWES BILANG WIKA NG KOMUNIKASYON: MGA PANANAW AT SALOOBIN

Angelica F. Dumon[1] & Rodel B. Guzman, Ed.D.[2]
[1, 2]*Central Graduate School, Isabela State University, Echague, Isabela*
[1]*Jones Rural School, Jones, Isabela*
[2]*College of Education, Isabela State University, Echague, Isabela*

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra21216
DOI No: 10.36713/epra21216

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang wikang Itawes bilang wika ng komunikasyon, partikular ang pananaw at saloobin ng mga tagapagsalita nito sa Barangay San Vicente, Jones at Barangay Salay, Echague sa Isabela. Gumamit ng descriptive ethnographic design ang pananaliksik, na nilahukan ng 300 pamilyang may lahing Itawes. Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng talatanungan, panayam, obserbasyon, at pakikipagkuwentuhan, at ang pagsusuri ay isinagawa gamit ang frequency distribution at weighted mean. Lumitaw sa resulta na may balanseng representasyon ng kasarian at malawak na saklaw ng edad ang mga kalahok, at karamihan sa kanila ay may antas ng elementarya o sekondarya at ang pangunahing hanapbuhay ay pagsasaka. May positibong pananaw ang mga kalahok sa wikang Itawes bilang daluyan ng pagkatuto, pagpapahayag, at pakikipag-ugnayan, subalit may agam-agam sa bisa nito sa akademikong tagumpay. Filipino ang pinakapinipiling wika sa paaralan, habang Itawes naman ang nangingibabaw sa usapang tahanan at pamayanan, na nagpapakita ng nagaganap na language shift. Sa kabila nito, makikita ang patuloy na pagpapahalaga sa wikang Itawes bilang bahagi ng lokal na pagkakakilanlan. Iminumungkahi ng pag-aaral ang pagpapalakas ng mga programang pang-revitalisasyon upang mapanatili ang kasiglahan ng wikang Itawes sa gitna ng lumalakas na impluwensiya ng mga dominanteng wika.

MGA KEYWORD: *Itawes, wika ng komunikasyon, pananaw, saloobin, language vitality, language shift, multilingguwalismo, MTB-MLE, katutubong wika,*

INTRODUKSYON (*Introduction*)

Ang wika ay pangunahing salik sa pagkakakilanlan ng isang komunidad. Hindi lamang ito daluyan ng kaisipan at damdamin, kundi isa ring mahalagang tagapagdala ng kultura, kasaysayan, at panlipunang ugnayan. Sa Pilipinas, may humigit-kumulang 186 na wika, ngunit ayon sa (Komisyon sa Wikang Filipino 2024), 175 dito ay katutubo at malaking bahagi ay nanganganib nang maglaho. Ayon kina Eberhard et al. (2023), may 35 wikang nanganganib, 31 ang lubhang nanganganib, at dalawa ang malapit nang mawala. Ang ganitong kalagayan ay nagpapakita ng pangangailangang agarang tugunan ang isyu ng pagpapanatili ng mga lokal na wika.

Isa sa mga wikang nasa ganitong kalagayan ay ang Itawes, isang katutubong wikang matatagpuan sa mga bayan ng Jones at Echague sa Isabela, at sa ilang bahagi ng Cagayan tulad ng Tuguegarao, Rizal, at Enrile. Sa kasalukuyan, tinatayang 10,000 na lamang ang tagapagsalita nito mula sa dating 25,000 (Komisyon sa Wikang Filipino, 2024). Bagama't ginagamit ito sa ilang bahagi ng edukasyon sa ilalim ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE), patuloy ang pagbaba ng aktibong gumagamit nito. Isa itong indikasyon ng malawakang hamon ng pagkawala ng lokal na wika dulot ng globalisasyon, modernisasyon, at ang higit na pagsuporta sa mga dominanteng wika gaya ng Filipino at Ingles (Dorian, 2014).

Historikal na itinuturing ang mga Itawes sa Isabela bilang mga migrante mula sa Cagayan noong panahon ng kolonisasyon. Sa kanilang paglipat, nakisama sila sa mga grupong gaya ng Ibanag, Yogad, Gaddang, at Ilokano, kaya't ang kanilang wika ay naimpluwensyahan ng mga nakapaligid na linggwahe (Guzman, 2013). Ang ganitong konteksto ng language convergence ay nagdulot ng pagbabago sa estruktura at gamit ng wikang Itawes. Sa kasalukuyan, ang mga komunidad ng Itawes ay nabubuhay sa gitna ng iba't ibang domeyn ng wika, kung saan ang kanilang sariling wika ay humaharap sa mga banta ng pagkakalimot at marginalisasyon.

Bagama't may positibong saloobin ang maraming miyembro ng komunidad sa kahalagahan ng kanilang wika, madalas ay hindi ito nasusustentuhan ng sapat na paggamit sa tahanan, paaralan, simbahan, at institusyon. Maging ang mga kabataan ay bihirang magkaroon ng exposure sa mga kagamitan o materyales sa wikang Itawes, dahilan upang unti-unting humina ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

transmisyon nito mula sa mas matatandang henerasyon. Ayon kay Chua (2019), may mga Pilipinong inakala noon na mali ang gamitin ang sariling wika sa edukasyon at propesyonal na larangan, bunga ng kolonyal na pananaw sa wika. Ganito rin ang naging obserbasyon ni Constantino (2014), na nagsabing ang mga patakarang pangwika sa bansa ay kadalasang pumapabor sa Ingles o Tagalog sa halip na sa mga katutubong wika.

Sa ganitong konteksto, mahalagang tukuyin at suriin ang kasiglahan (language vitality) ng wikang Itawes sa iba't ibang larangan ng buhay. Ayon sa UNESCO (2003), ang language vitality ay maaaring masukat batay sa bilang ng tagapagsalita, antas ng transmisyon sa mga henerasyon, gamit sa iba't ibang domeyn, at suporta ng pamahalaan at institusyon. Sa mga umiiral na modelo tulad ng Graded Intergenerational Disruption Scale (Fishman, 1991), malinaw na ang pagtamlay ng paggamit ng wika sa tahanan ay isang pangunahing senyales ng pagbagsak ng wika.

Bagama't may ilang pananaliksik na tumalakay sa language vitality ng ibang wika tulad ng Kapampangan, Pangasinan, at Yogad (Cruz, 2021; Ferrer & Brangan, 2023; Cristobal, 2020), kakaunti pa rin ang pag-aaral na nakatuon sa wikang Itawes. Dahil dito, mahalagang isagawa ang pananaliksik na ito upang matukoy ang kasalukuyang estado ng Itawes bilang wika ng komunikasyon, at masiyasat ang saloobin at pananaw ng mga tagapagsalita nito sa dalawang barangay sa Isabela.

Pangkalahatang layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang wikang Itawes bilang wika ng komunikasyon batay sa pananaw at saloobin ng mga tagapagsalita nito sa Barangay San Vicente, Jones at Barangay Salay, Echague sa Isabela. Gamit ang mga pamantayan mula sa UNESCO (2003) at Graded Intergenerational Disruption Scale (GIDS) ni Fishman (1991), layunin ng pag-aaral na matukoy ang antas ng kasiglahan o pagkapanganib ng wikang Itawes sa konteksto ng intergenerational transmission, gamit sa iba't ibang domeyn, midya, dokumentasyon, at suporta ng mga institusyon. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa demograpikong katangian ng mga kalahok, kanilang pananaw sa wika, at preferensiya sa paggamit nito sa iba't ibang sitwasyong panlipunan, inaasahang makapag-aambag ang pananaliksik sa pagbabalangkas ng mga hakbangin tungo sa revitalisasyon ng wikang Itawes bilang bahagi ng lokal na identidad at kultural na pamana.

LAYUNIN NG PANANALIKSIK (*Objectives of the Study*)

Pangkalahatang layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang "Itawes bilang Wika ng Komunikasyon: Mga Pananaw at Saloobin."

Partikular na tutunguhin sa pananaliksik na ito ang sumusunod na mga tiyak na layunin:

1. Ilarawan ang ang demograpikong katangian ng mga kalahok batay sa kasarian, edad, lugar ng paninirahan, antas ng edukasyon, at hanapbuhay.
2. Talakayin ang aspeto ng pananaw ng mga Itawes sa Barangay San Vicente, Jones, Isabela at Salay, Echague, Isabela kaugnay ng kanilang katutubong wika.
3. Tukuyin ang wikang nais gamitin ng mga kalahok sa paaralan at sa iba't ibang sitwasyong panlipunan batay sa kanilang antas ng pag-aaral.

PAMAMARAAN (*Methodology*)

Ang pag-aaral ay gumamit ng descriptive ethnographic design upang mailarawan ang kasalukuyang kalagayan ng wikang Itawes sa konteksto ng kultura at pamayanan. Ang mga pangunahing pamamaraan sa pangangalap ng datos ay kinabibilangan ng talatanungan na nakabatay sa UNESCO (2003) at GIDS ni Fishman (1991), panayam, obserbasyon, at maka-Pilipinong estilo ng pakikisalamuha gaya ng pakikipagkuwentuhan at pakikipagkapwa.

Sampling Design

Gamit ang quota sampling, napili ang 300 pamilyang may lahing Itawes mula sa dalawang barangay. Ang mga tagatugon ay nagmula sa iba't ibang domeyn ng pamumuhay gaya ng tahanan, edukasyon, relihiyon, industriya, at pamahalaan—upang masigurong malawak at representatibo ang pananaw ng komunidad.

Istatistikal Na Pagsusuri Ng Datos

Upang maisakatuparan ang mga layunin ng pananaliksik na ito, ginamit ang frequency distribution upang mailarawan ang demograpikong katangian ng mga kalahok batay sa kasarian, edad, lugar ng paninirahan, antas ng edukasyon, at hanapbuhay. Samantala, ginamit ang weighted mean upang masuri ang pananaw ng mga Itawes sa Barangay San Vicente, Jones at Salay, Echague, Isabela hinggil sa kanilang katutubong wika, partikular sa paggamit nito bilang midyum ng komunikasyon at pagpapahayag ng damdamin at ideya.

Lugar ng Pananaliksik

Ang pananaliksik ay isinagawa sa dalawang barangay: San Vicente sa bayan ng Jones, at Salay sa bayan ng Echague, parehong matatagpuan sa lalawigan ng Isabela. Ang mga lugar na ito ay kilalang komunidad ng mga tagapagsalita ng wikang Itawes.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

RESULTA AT PAGTALAKAY NG PAG - AARAL
(*Results & Discussion*)
A. DEMOGRAPIKONG IMPORMASYON

TALAHANAYAN 1

Demograpikong Impormasyon ng mga Kalahok

Kategorya	Mga Opsyon	Bilang (f)	Porsyento (%)
Kasarian	Lalaki	149	49.70%
	Babae	151	50.30%
Edad	7 – 11 taong gulang	47	15.75%
	12 – 18 taong gulang	53	17.70%
	19 – 29 taong gulang	61	20.30%
	30 – 64 taong gulang	73	24.30%
	65 taong gulang pataas	66	22.00%
Edukasyon	Walang pormal na edukasyon	3	1.00%
	Elementarya	109	36.30%
	Sekondarya	110	36.70%
	Kolehiyo	78	26.00%
Hanapbuhay	Magsasaka	44	14.70%
	Mangingisda	13	4.30%
	Negosyante	32	10.70%
	Empleyado	17	5.70%

Batay sa Talahanayan 1, ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng 300 pamilya, kung saan isa lamang na kinatawan bawat pamilya ang tumugon sa talatanungan. Sa distribusyon ayon sa kasarian ng mga kinatawan, 49.70% ay lalaki (149) at 50.30% ay babae (151), na nagpapakita ng balanseng representasyon. Ipinahihiwatig nito na walang dominasyon mula sa alinmang kasarian, kaya inaasahan ding magiging balanse at kumakatawan ang mga pananaw ukol sa Wikang Itawes mula sa parehong panig ng lipunan.

Sa usapin ng edad, ang pinakamalaking pangkat ay mula sa edad 30–64 taong gulang (24.30%), sinundan ng mga may edad 65 pataas (22.00%), habang ang mga nasa edad 19–29 ay 20.30%, 12–18 ay 17.70%, at 7–11 ay 15.75%. Makikita rito ang malawak na saklaw ng edad ng mga kalahok, na nagpapahiwatig ng inter-generational na representasyon. Mahalaga ito sapagkat makikita kung paano nagkakaiba o nagkakatulad ang pananaw at kasiglahan sa paggamit ng Wikang Itawes sa bawat henerasyon.

Samantala, ang antas ng edukasyon ay nagpapakita na karamihan sa mga kalahok ay nakapagtapos ng elementarya (36.30%) at sekondarya (36.70%), habang 26% ang may kolehiyong edukasyon, at 1% lamang ang walang pormal na edukasyon. Ipinahihiwatig nito na ang karamihan ay may batayang kaalaman na maaaring makaapekto sa kanilang kamalayan at pananaw sa kahalagahan ng katutubong wika.

Pagdating sa hanapbuhay, ang pangunahing kabuhayan ng mga kalahok ay pagsasaka (14.70%), sinundan ng pagiging negosyante (10.70%), empleyado (5.70%), at mangingisda (4.30%). Makikita rito na karamihan ay mula sa mga tradisyonal na sektor, na posibleng nagtataglay pa ng mas aktibong paggamit ng Wikang Itawes sa pang-araw-araw na komunikasyon. Ang iba't ibang demograpikong katangian na ito ay nagbibigay ng mas malawak at mas malalim na pag-unawa sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang Itawes sa komunidad.

B. ASPETO NG PANANAW UKOL SA WIKA

TALAHANAYAN 2

Mean at Kualitatibong Deskripsyon ng Pananaw Ukol sa Wikang Itawes

Pahayag	Mean	Kualitatibong Paglalarawan
1. Mas madali ang pagkatuto gamit ang wikang Itawes.	3.90	Lubhang Sumasang-ayon
2. Tumatnas ang marka ng mga mag-aaral gamit ang wikang Itawes.	2.18	Hindi Sumasang-ayon
3. Hindi makasabay sa ibang mga bata kapag wikang Itawes ang ginagamit.	2.21	Hindi Sumasang-ayon
4. Mas nasasabi ang ideya kapag gumagamit ng wikang Itawes.	3.90	Lubhang Sumasang-ayon
5. Mas lalong hindi naiintindihan ang tinatalakay sa klase gamit ang wikang Itawes.	2.21	Hindi Sumasang-ayon
6. Mas nakaususp ko ang aking mga mahal sa buhay kapag ginagamit ko ang wikang Itawes.	3.93	Lubhang Sumasang-ayon
7. Mas naibabahagi ko sa iba ang aking saloobin at damdamin gamit ang wikang Itawes.	3.93	Lubhang Sumasang-ayon

Batay sa datos sa Talahanayan 1, may malinaw na positibong pananaw ang mga kalahok sa Wikang Itawes. Halimbawa, ang mga pahayag na "*Mas madali ang pagkatuto gamit ang Wikang Itawes*" at "*Mas nasasabi ang ideya kapag gumagamit ng Wikang Itawes*" ay kapwa nakakuha ng mean na (M = 3.90) na may deskripsyong Lubhang Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na para sa mga kalahok, ang Wikang Itawes ay hindi lamang madaling gamitin kundi epektibong instrumento rin sa pagkatuto at pagpapahayag. Tinutugma nito ang prinsipyo ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE), na ayon kina Dekker at Young (2011) ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng komprehensyon at akademikong tagumpay kapag ginagamit ang unang wika sa pagtuturo.

Patunay rin dito ang sinabi ng isang gurong Itawes: "*Sa school, ginagawa pa rin naming contextualized dahil nais naming isulong ang aming natatanging wika*." Ipinapakita nito na aktibo ang mga guro sa pagtataguyod ng paggamit ng Itawes bilang wika ng pagtuturo at pagkatao. Ayon naman kina Benson at Kosonen (2013), ang paggamit ng katutubong wika ay nagpapataas hindi lamang ng partisipasyon sa klase kundi ng pagpapahalaga sa sariling kultura.

Mahalaga rin ang papel ng wika sa interpersonal na ugnayan. Ang mga pahayag tulad ng "*Mas nakauusap ko ang aking mga mahal sa buhay gamit ang Itawes*" at "*Mas naibabahagi ko ang aking saloobin gamit ito*" ay nakakuha ng mean na (M = 3.93), na isa ring indikasyon ng matibay na pagkapit ng wika sa emosyonal na aspeto ng mga kalahok. Sa panayam, sinabi ni Gng. Gretchen Lauren: "*Dapat kergowam mu ina lagi kan Itawes," (Dapat gamitin palagi ang Itawes*), na nagpapakita ng damdaming pagmamay-ari sa wika. Tugma ito sa teorya nina Landry at Bourhis (1997) sa ethnolinguistic vitality, kung saan ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

positibong pagtanggap ng isang komunidad sa sariling wika ay nagpapalakas sa kolektibong identidad.

Samantala, kapansin-pansin na may negatibong pananaw ang mga kalahok sa tanong: "*Tumataas ba ang marka ng mga mag-aaral gamit ang Itawes?*" na nakakuha lamang ng mean na (M = 2.18) (Hindi Sumasang-ayon). Malinaw mula rito na hindi naniniwala ang mga kalahok na ang Itawes ay may direktang ugnayan sa pagtaas ng grado. Maaaring ito ay bunga ng sistemikong pananaw na ang Ingles at Filipino lamang ang "wika ng akademikong tagumpay", isang pananaw na hinubog ng patakarang bilingguwal sa edukasyon, na ayon kay Constantino (2014), ay nagpapalalim ng marginalisasyon sa mga lokal na wika

Gayundin, ang mga pahayag na "*Mas lalong hindi naiintindihan ang tinatalakay sa klase gamit ang Itawes*" (M = 2.21) at "*Hindi makasabay sa ibang mga bata kapag wikang Itawes ang ginagamit*" (M = 2.21) ay kapwa may mababang mean at deskripsyong Hindi Sumasang-ayon. Ibig sabihin, hindi rin naniniwala ang mga kalahok na ang paggamit ng Itawes ay hadlang sa pag-unlad ng pagkatuto, taliwas sa argumento ng mga tagasulong ng English-only instruction. Ayon kina Walter at Dekker (2011), mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga konsepto kapag ginagamit ang kanilang sariling wika.

Sa panayam, ibinahagi ni G. Tacama: "*Sa tradisyon, dapat hindi ito mawala. Ngayon upang hindi mawala kailangan patuloy itong gamitin at ituro.*" Samantala, si G. Baccay naman ay nagsabi: "*Ikihayat ko yo anak ira nga awmarira kalippanan yo Itawes nga linguahe panda dumakal da... kenyakan ay pinakamahalaga yow nga ergo mi ta yaw ay mimanami kanyo ginafammi*," na nangangahulugang "*Bilin ko sa mga nakababata na huwag kalilimutan ang pagsasalita sa Itawes kahit na sila ay tumanda, dahil napakahalaga ng wikang ito na minana pa namin sa aming mga ninuno*." Ang ganitong damdamin ay malinaw na ekspresyon ng language loyalty, na ayon kay Fishman (1991) ay isa sa pinakamahalagang salik sa revitalisasyon ng isang wika.

Sa kabuuan, ipinapakita ng Talahanayan 2 at ng mga panayam na bagama't may ilang agam-agam sa bisa ng Wikang Itawes sa pormal na edukasyon, nananaig pa rin ang positibong pananaw ng mga kalahok sa kahalagahan, gamit, at emosyonal na kabuluhan ng wika. Ayon sa UNESCO (2003), ang positibong saloobin ng mga tagapagsalita ay pangunahing indikasyon ng language vitality, at kung maisasalin ito sa konkretong gamit sa tahanan, paaralan, simbahan, at komunidad, nagiging matibay na pundasyon ito ng matagumpay na revitalisasyon. Gaya ng binigyang-diin ni Chua (2019), kailangang sirain ang paniniwala na ang lokal na wika ay sagabal sa pag-unlad, at sa halip, kilalanin ito bilang susi sa pagkakakilanlan at pakikibahagi sa komunidad.

C. SALOOBIN SA PAGPILI NG WIKA SA PAARALAN AT SITWASYONG PANLIPUNAN BATAY SA ANTAS NG PAG-AARAL

TALAHANAYAN 3:

Ranggo ng Wikang Nais Gamitin sa Paaralan Ayon sa Antas ng Pag-aaral

Antas	Wika	Mean	Kualitatibong Paglalarawan
KINDER	Itawes	1.93	Mas Mataas
	Filipino/Tagalog	2.89	Pinakamataas
	Ingles	1.19	Mataas
ELEMENTARYA	Itawes	1.92	Mas Mataas
	Filipino/Tagalog	2.89	Pinakamataas
	Ingles	1.19	Mataas
SEKONDARYA	Itawes	1.13	Mataas
	Filipino/Tagalog	2.90	Pinakamataas
	Ingles	1.97	Mas Mataas
KOLEHIYO	Itawes	1.14	Mataas
	Filipino/Tagalog	2.90	Pinakamataas
	Ingles	1.96	Mas Mataas

Batay sa datos mula sa Talahanayan 3, makikita ang malinaw na pagkiling ng mga kalahok sa paggamit ng Filipino/Tagalog bilang pangunahing wikang nais gamitin sa paaralan, anuman ang kanilang antas ng pag-aaral. Sa lahat ng antas mula kinder hanggang kolehiyo, ang Filipino/Tagalog ay nakakuha ng pinakamataas na mean, mula (*M = 2.89*) hanggang (*M = 2.90*), na may kualitatibong paglalarawang *Pinakamataas.* Ipinapakita nito na sa konteksto ng edukasyon, nangingibabaw pa rin ang pambansang wika bilang mas pangunahing midyum ng pagtuturo.Kapansin-pansin na Filipino, at hindi Ingles, ang pinakamataas sa lahat ng antas. Isa itong mahalagang obserbasyon. Maaaring ito ay dahil sa mas madaling ma-access ang Filipino sa araw-araw sa media, telebisyon, social media, at usapang pangkalakhan kaysa Ingles o Itawes. Filipino rin ang pangunahing wika ng pambansang diskurso, ng mga awitin, teleserye, balita, at usapang gobyerno. Dahil dito, mas nakikitang kapaki-pakinabang at mas 'nasa loob' ng komunidad ang Filipino kumpara sa Ingles, na kadalasang naiuugnay lamang sa akademikong at propesyonal na larangan.

Isa ring mahalagang dahilan ay ang pagkakaiba ng 'prestihiyo' ng mga wika depende sa larangan. Ayon kay Chua (2019), maraming Pilipino ang naniniwala na ang Filipino at Ingles ay mga *"wika ng progreso"*, samantalang ang mga lokal na wika ay naiisip bilang wika ng tahanan o probinsya, limitado ang gamit sa mga pormal na usapan, akademya, at larangan ng agham o teknolohiya

Ang ganitong resulta ay maaaring maiugnay sa tinatawag na *language shift*, kung saan ang mga tagapagsalita ng lokal na wika ay lumilipat sa mas dominanteng wika para sa mga layuning edukasyonal, sosyal, o ekonomiko (Fishman, 1991; UNESCO, 2003). Ayon din kay Chua (2019), may paniniwala ang maraming Pilipino na ang Filipino at Ingles ay "wika ng kaunlaran," kaya't mas pinipiling gamitin ito sa mga pormal na larangan gaya ng paaralan.

Sa kabilang banda, makikitang Itawes ang may pinakamababang ranggo sa antas ng sekondarya (*M = 1.13*) at kolehiyo (*M = 1.14*),

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

na bagama't may *kualitatibong deskripsyong "Mataas"*, ay nagpapakita ng pagbaba ng interes sa paggamit ng sariling wika habang tumataas ang antas ng edukasyon. Ito ay maaaring nagpapahiwatig ng lumalakas na impluwensya ng dominanteng wika habang lumalawak ang exposure ng mag-aaral sa mas pormal na kapaligiran. Ayon sa panayam kay Gng. Roque, isang magulang, *"Maski mergo yo abbing ina kan tagalog onu English yo angwang ku tasenu mari inga mawan yo lenggwahe nga itawes ay kikkergowang ku ira pelaman kan Itawis taseru matindyan da ostru makaergo ra pati kan pabissa bissang tasenu mergo ra so pati kan Itawes ngin: (Bilang ina, gusto kong matutunan ng anak ko ang Itawes... pero minsan hindi ko na rin masabayan kapag puro Ingles at Filipino na ang aralin nila)."* Ipinapakita nito na may kagustuhang ituro ang Itawes sa tahanan, ngunit ang sistemang edukasyonal ay hindi nagbibigay ng sapat na espasyo para dito.

Samantala, ang Ingles ay nakakuha ng "*Mas Mataas*" na deskripsyon sa sekondarya (*M = 1.97*) at kolehiyo (*M = 1.96*), na mas mataas kumpara sa mga mas mababang antas. Ito ay indikasyon ng pagtaas ng tiwala sa Ingles bilang wikang pang-akademiko habang tumataas ang antas ng edukasyon. Tugma ito sa obserbasyon nina Melegrito (2022) at Azarias (2021) na maraming mag-aaral, lalo na sa kursong teknikal tulad ng IT at Engineering, ang mas komportableng gumamit ng Ingles dahil ito ang wika ng propesyonalismo at teknolohiya.

Sa kabila ng mga numerikal na datos, kapansin-pansin ang pananaw ng ilang kalahok na nais pa ring panatilihin ang Itawes sa edukasyon. Ayon kay Gng. Nabinneg, isang magulang mula Barangay San Vicente, *"Dapat ituldo kan skwela,"* na ang ibig sabihin ay "Dapat ituro sa paaralan." Ipinapakita nito ang malinaw na pananaw na nararapat ituro ang Itawes sa pormal na edukasyon. Ganito rin ang damdamin ni G. Bulan, na nagsabing: *"Kada araw nga usan nga pakikkergo kanyo kisabaryuwangku en kanyo pamilyak yo ergo nga Itawes,"* na nangangahulugang: "Araw-araw kong ginagamit ang Itawes kapag nakikipag-usap ako sa aking mga kapamilya at kabarangay." Ang ganitong mga pahayag ay nagpapahiwatig ng patuloy na pagnanais ng komunidad na itaguyod ang kanilang wika, kahit pa unti-unti itong nawawala sa mga institusyong edukasyonal. Pinapatunayan nito na nananatili pa rin ang pagkapit ng mga tagapagsalita sa kanilang katutubong wika, na ayon kay Eberhard et al. (2023), ay mahalagang salik sa pagpapanatili ng *language vitality* sa gitna ng presyur mula sa mas dominanteng mga wika tulad ng Filipino at Ingles.

Ayon sa UNESCO (2003), ang pagbabawas ng gamit ng wika sa pormal na edukasyon ay isa sa mga pangunahing senyales ng endangered status ng isang wika, at ito ay kinakailangang tugunan sa pamamagitan ng mga programang *language revitalization* at mas inklusibong *mother tongue-based education*.

TALAHANAYAN 4:
Ranggo ng Wikang Nais Gamitin sa Iba't Ibang Sitwasyon

Sitwasyon	Wika	Mean	Kualitatibong Paglalarawan
Kuwentuhan at di-pormal na usapan sa bahay	Itawes	2.93	Pinakamataas
	Filipino/Tagalog	2.00	Mas Mataas
	Ingles	1.07	Mataas
Pormal na usapan sa bahay	Itawes	2.93	Pinakamataas
	Filipino/Tagalog	2.00	Mas Mataas
	Ingles	1.07	Mataas
Pakikipagkuwentuhan sa kapitbahay o mga kaibigan	Itawes	2.94	Pinakamataas
	Filipino/Tagalog	2.00	Mas Mataas
	Ingles	1.06	Mataas
Pagpupulong sa purok o sa barangay	Itawes	2.93	Pinakamataas
	Filipino/Tagalog	2.01	Mas Mataas
	Ingles	1.06	Mataas
Pagpupulong o konsultasyon sa munisipyo	Itawes	2.93	Pinakamataas
	Filipino/Tagalog	2.01	Mas Mataas
	Ingles	1.07	Mataas
Misa	Itawes	1.09	Mataas
	Filipino/Tagalog	2.93	Pinakamataas
	Ingles	1.98	Mas Mataas
Gawaing komunidad (kasalan, binyag, lamay, atbp.)	Itawes	2.87	Pinakamataas
	Filipino/Tagalog	2.06	Mas Mataas
	Ingles	1.08	Mataas

Batay sa datos mula sa Talahanayan 4, makikitang may malinaw na pagkiling ang mga kalahok sa paggamit ng wikang Itawes sa karamihan ng mga sitwasyong panlipunan, parehong impormal at pormal, tulad ng usapan sa bahay, pakikisalamuha sa kapitbahay, at maging sa mga pagpupulong sa barangay at munisipyo. Sa lahat ng nasabing konteksto, ang Itawes ay nakatanggap ng pinakamataas na mean scores (*M = 2.87 – M = 2.94*) na may kualitatibong deskripsyong *Pinakamataas*, na nagpapakita ng mataas na antas ng kagustuhang gamitin ang wika sa komunidad.

Ang ganitong resulta ay sumasalamin sa matibay na ugnayan ng wika sa lokal na identidad at kultura. Ayon sa UNESCO (2003), ang malawakang paggamit ng katutubong wika sa mga aktibidad ng komunidad ay indikasyon ng kasiglahan o *language vitality* ng isang wika. Sa kasong ito, makikitang aktibong ginagamit at pinapaboran ng mga Itawes ang kanilang wika sa mga gawaing may kaugnayan sa tahanan, kapitbahayan, at lokal na pamahalaan.

Gayundin, kumpirmado ito ng panayam kina G. Tacama, na binigyang-diin ang kahalagahan ng patuloy na paggamit ng Itawes sa tradisyon at edukasyon sa komunidad. Ayon kay Lourdes, "*May IP Village na kami sa school dahil nais naming isulong ang aming natatanging wika*," na nagpapakita ng konkretong hakbang upang mapanatili ito sa mga kabataang mag-aaral.

Samantala, kapansin-pansin na ang Filipino/Tagalog ay nakakuha ng mas mataas na ranggo (*M = 2.93*) sa sitwasyon ng misa, kung saan ang Itawes ay may mababang mean na (*M = 1.09*) lamang. Ipinapakita nito na sa mga institusyonal at seremonyal na domain tulad ng relihiyon, nananatili ang Filipino bilang dominanteng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

wika, gaya ng tinalakay nina Ferguson (1959) at Fishman (1991) sa konsepto ng *diglossia* kung saan may "high" at "low" na pagkakagamit ng mga wika depende sa uri ng diskurso.

Ito ay may implikasyon sa pagtingin ng komunidad sa Itawes bilang pangunahing wika ng relasyong panlipunan, ngunit hindi pa ganap na umuugat sa pormal at relihiyosong institusyon. Ayon kay Constantino (2014), ang ganitong sitwasyon ay maaaring resulta ng kolonyal na impluwensiya at patuloy na dominasyon ng mas makapangyarihang wika sa mga pormal na larangan tulad ng simbahan at edukasyon.

Ang Ingles, sa kabilang banda, ay nananatiling pinakamababa sa lahat ng konteksto (*M = 1.06 – M = 1.08*), maliban sa misa (*M = 1.98*), kung saan ito ay mas mataas kaysa sa Itawes. Ito ay nagpapahiwatig na bagama't ginagamit ang Ingles sa ilang institusyong relihiyoso, hindi ito tinatangkilik ng mga kalahok sa pang-araw-araw na interaksyon. Tugma ito sa obserbasyon ni Bautista (2016) na mas pinipili ng mga tao ang mga lokal na wika sa interpersonal na komunikasyon, habang ang Ingles ay naiugnay sa larangang teknikal at edukasyonal.

Sa kabila ng numerikal na datos, kapansin-pansin pa rin ang pananaw ng komunidad na dapat itaguyod ang Itawes sa mas maraming konteksto. Ayon kay Gng. Nabinneg, "*Dapat ituldo kan skwela*," na ang ibig sabihin ay "Dapat ituro sa paaralan" na malinaw na nagpapahayag ng kagustuhan ng mga magulang na mapanatili at maisama ang wika sa sistemang pormal ng edukasyon. Ito rin ay binanggit ni G. Baccay, na isang IP Leader, na nagsabing hinihikayat niyang gamitin ng kanilang mga anak ang Itawes upang "*dumakal da*" (lumawak pa) ang paggamit nito sa komunidad.

Ayon sa UNESCO (2003) at Fishman (1991), ang pagguho ng presensya ng isang wika sa mga institusyon gaya ng simbahan at paaralan ay tanda ng endangered status, at kinakailangang tugunan ito sa pamamagitan ng mga *language revitalization* program. Ang mga mungkahing hakbang gaya ng paggamit ng Itawes sa misa, pagsasalin ng mga seremonyal na dasal, at pagbuo ng mga materyales pang-edukasyon sa Itawes ay posibleng solusyon upang mapalawak ang paggamit ng wika sa mas pormal na larangan.

KONKLUSYOn (*Conclusion*)

Batay sa resulta mg isinagawang pangangalap ng datos, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Sa paglarawan sa demograpikong katangian ng mga kalahok batay sa kasarian, edad, lugar ng paninirahan, antas ng edukasyon, at hanapbuhay, lumitaw na pantay ang distribusyon sa kasarian, may malawak na saklaw ng edad mula 7 taong gulang pataas, at karamihan ay may antas ng elementarya at sekondarya. Ang pangunahing hanapbuhay ay pagsasaka, na nagpapakita na ang Wikang Itawes ay higit na ginagamit sa mga sektor na may malapit na ugnayan sa tradisyonal na pamumuhay.
2. Sa pagtatalakay sa aspeto ng pananaw ng mga Itawes kaugnay ng kanilang katutubong wika, napag-alaman na positibo ang pananaw ng mga kalahok sa gamit ng Itawes sa pagpapadali ng pagkatuto at pagpapahayag ng damdamin, bagama't may kaunting agam-agam sa ugnayan nito sa akademikong tagumpay. Pinagtibay ito ng *Ethnolinguistic Vitality Theory* nina Landry at Bourhis (1997) na nagsasabing ang positibong saloobin ng isang komunidad sa kanilang wika ay nagpapalakas ng kanilang kolektibong identidad.
3. Sa pagtukoy sa wikang nais gamitin ng mga kalahok sa paaralan at sa iba't ibang sitwasyong panlipunan batay sa kanilang antas ng pag-aaral, nalamang Filipino/Tagalog ang mas pinipiling wika sa edukasyon, habang Itawes naman ang nangingibabaw sa mga informal na usapan sa bahay at komunidad. Ipinapakita nito ang isang aktibong *language shift* na inilarawan ni Fishman (1991) sa *Language Loyalty in the United States*, kung saan lumilipat ang mga tagapagsalita mula sa lokal tungo sa dominanteng wika para sa akademikong gamit.

REKOMENDASYON (*Recommendation*)

Ang mga sumusunod na rekomendasyon o mungkahi ay nabuo pagkatapos ng pag-aaral na ito:

1. Iminumungkahi na gamitin ang Itawes bilang karagdagang wika sa pagtuturo sa mga paaralan sa pamayanang Itawes, lalo na sa mababang baitang, upang mas maintindihan ng mga bata ang aralin at mapalakas ang kanilang koneksyon sa sariling wika.
2. Hinihikayat ang mga guro at manunulat na gumawa ng mga aklat, babasahin, at iba pang materyal sa Wikang Itawes na magagamit sa paaralan at bahay upang mapahusay ang pagbabasa at pagsulat ng mga bata.
3. Hinihimok ang mga lider ng barangay at lokal na pamahalaan na maglunsad ng mga aktibidad tulad ng kwentuhan, patimpalak sa tula, at seminar tungkol sa wika at kultura upang manatiling buhay ang Itawes sa kabataan.
4. Iminumungkahi ang paggawa ng batas lokal na sumusuporta sa paggamit ng Itawes sa mga opisyal na gawain gaya ng barangay meetings, anunsyo, at mga karatula.
5. Hinihikayat ang mga kabataang Itawes na gamitin ang wika sa paggawa ng content tulad ng vlog, tula, at kwento upang makilala ito sa digital platforms.
6. Hinihimok ang mga matatandang tagapagsalita ng Itawes na makipagtulungan sa mga guro at mananaliksik upang maitala ang mga salita, gramatika, kwento, kasabihan, at iba pang anyong oral ng wika.

MGA SANGGUNIAN

1. *Azarias, R. A. (2021). English as a medium of instruction: The case of technology-related classrooms. Advances in Social*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 4| April 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Science, Education, and Humanities Research, 630, 301–312. https://doi.org/10.2991/assehr.k.2021

2. *Bautista, M. L. (2016). Ang wika at pagkamakabayan: Isang pag-aaral sa papel ng Filipino sa kasalukuyan. Manila: UP Press.*
3. *Benson, C., & Kosonen, K. (2013). Language issues in comparative education: Inclusive teaching and learning in non-dominant languages and cultures. Springer. https://doi.org/10.1007/978-94-007-7017-8*
4. *Chua, W. (2019). Filipino bilang wikang akademiko. Quezon City, Philippines: Sentro ng Wikang Filipino, University of the Philippines.*
5. *Constantino, P. C. (2014). Ganito na noon, ganito uli ngayon: Pagtalunton sa kasaysayan at daynamiks ng multilingwal na edukasyon sa Pilipinas. Daluyan Journal, 20, 190–207.*
6. *Cristobal, S. J. (2020). Mawawan Annu Passalba: Kalagayan ng Wikang Yogad sa ilang lugar sa bayan ng Echague [Unpublished Manuscript].*
7. *Cruz, J. (2021). Towards an assessment of Kapampangan language vitality [Unpublished Manuscript]. ScholarSpace.*
8. *Dekker, D., & Young, C. (2011). Bridging the gap: The role of mother tongue-based multilingual education in improving educational outcomes. International Review of Education, 57(5–6), 667–683. https://doi.org/10.1007/s11159-011-9251-7*
9. *Dorian, N. C. (2014). Small languages and small language communities. International Journal of the Sociology of Language, 230, 1–5.*
10. *Eberhard, D. M., Simons, G. F., & Fennig, C. D. (2023). Ethnologue: Languages of the World (26th ed.). SIL International. Retrieved from https://www.ethnologue.com*
11. *Ferguson, C. A. (1959). Diglossia. Word, 15(2), 325–340.https://doi.org/10.1080/00437956.1959.11659702*
12. *Ferrer, A., & Brangan, B. (2023). Assessment of vitality of Pangasinan language in the Municipality of San Carlos City: Basis for a recovery plan in language endangerment [Unpublished Manuscript].*
13. *Fishman, J. A. (1991). Reversing language shift: Theoretical and empirical foundations of assistance to threatened languages. Multilingual Matters.*
14. *Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). (2024). Mga wika ng Pilipinas: Bilang at kalagayan. Quezon City: KWF.*
15. *Landry, R., & Bourhis, R. Y. (1997). Linguistic landscape and ethnolinguistic vitality: An empirical study. Journal of Language and Social Psychology, 16(1), 23–49.*
16. *Melegrito, C. P. (2022). The use of Filipino and English as mediums of instruction in the teaching of engineering courses at the tertiary level. European Online Journal of Natural and Social Sciences, 11(3), 668–678.*
17. *UNESCO Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages. (2003). Language vitality and endangerment. Retrieved from http://www.unesco.org/culture/ich/doc/src/00120-EN.pdf*
18. *Walter, S., & Dekker, D. (2011). The Lubuagan experiment: A successful approach to mother tongue-based multilingual education. International Journal of Bilingual Education and Bilingualism, 14(5), 442–455.*



AUTHOR'S BIONOTE

Si **ANGELICA FERNANDEZ-DUMON** ay isinilang noong Oktubre 9, 1997. Siya ang ikalawang anak nina G. at Gng. Robert Fernandez ng Villa Victoria, Echague, Isabela. Nagtapos siya ng elementarya sa Villa Victoria Elementary School noong 2009 bilang Class Valedictorian. Pagkatapos nito, nagtapos siya ng sekondarya sa Pangal Sur High School noong 2013 bilang Class Salutatorian. Noong 2017, tinapos niya ang kursong Bachelor in Secondary Education, Major in Filipino sa Isabela State University – Main Campus, kung saan siya ay nagtapos bilang Cum Laude. Nagsimula siyang magturo sa La Salette of Ramon, Inc. bilang guro sa asignaturang Filipino noong taong 2017. Noong 2019, naging guro siya sa Dibuluan National High School, at mula taong 2020 hanggang sa kasalukuyan ay nagtuturo siya sa Jones Rural School. Siya ay masayang maybahay ni John Alvin Pale Dumon at ina ng kanilang anak na si Keighden Deandre Fernandez Dumon.